


SI LUPITO
at ang
BARRIO SIRKERO



A complete range of giftware featuring the paintings in
LUPITO AND THE CIRCUS VILLAGE is available at www.canvasdownstream.com.

We enjoy hearing from our readers.

Please feel free to let us know what you think of this book
by emailing us at info@canvas.ph, or by mail at CANVAS,
No.1 Upsilon Drive Ext., Alpha Village, Diliman,
Quezon City, Philippines 1119.



First published in hardcover by CANVAS, 2008

First paperback edition, 2008

Printed in the Republic of the Philippines

PDF version designed in 2008

Book and graphic design by Daniel Palma Tayona

Front Cover (The Juggler),

Back Cover (detail from Barrio Sirkero) by José Santos III

All artworks originally rendered in oil on canvas

Photography by Mike Cheung / Northlight Studio



Story written by
ROWALD ALMAZAR

Artworks by
JOSÉ SANTOS III

Originally written in Filipino

Translated and edited by
John Jack Wigley and Jose Wendell Capili




Noong unang panahon, may isang baryo kung saan ang bawat tao ay may maipagmamalaking talento. May mga magagaling umawit. May mga magagaling sumayaw.

Ngunit ang pinakahinahangaan sa baryong ito ay iyong mga taong may kakayahan sa pagsisirkerero. Ang ilan sa kanila ay magagaling maglakad sa alambre. O di kaya'y humihiga sa pako. Mayroon ding kumakain ng apoy o ng espada o kahit na anong uring bakal.



Ang Barrio Sirkero ay pinamumunuan ni Tata Ador, isa sa mga pinakamahusay na sirkero ng baryo.

Si Tata Ador ay naninirahan sa kalagitnaan ng Barrio Sirkero. Kasama niya ang asawa niyang si Marcia, na may kakayahang lumakad sa nagbabagang uling.





Mayroon silang isang anak na dalaga,
si Sela na may kakayahang pakilusin
ang mga bagay sa pamamagitan ng
kanyang isip.


Taglay rin ni Sela ang
nakabibighaning kagandahan.
Maraming kalalakihan ang
nagtangkang suyuin si Sela.
Ngunit lahat sila ay nabigo.
Wala ni isa sa kanila ang
nakapag-paibig kay Sela.

Isang araw ay napadayo sa Barrio Sirkero ang isang mangangalakal, si Lupito. Dala-dala niya sa isang malaking kahon ang kanyang mga paninda. May tinda siyang mga gamit panglinis ng bahay tulad ng walis, pamunas at basahan. Mayroon din siyang gamit pangkusina tulad ng siyanse, sandok, kutsara, tinidor at palayok. May bitbit din siyang mga damit, sombrero, panyo at baston.

Naging mabili ang mga paninda ni Lupito, at sa kanyang pagka-abala sa pagtitinda ay hindi niya napansin na gumagabi na.


Dahil dito, inalok ni Tata Ador na magpagabi sa kanyang bahay si Lupito.





Noon lang nakita ni Lupito si Sela. Manghang-mangha siya sa kagandahan ng dalaga. At nang oras ding iyon ay napagdesisyunan niyang ito na ang babaing nais niyang makasama sa habambuhay.

Lingid sa kaalaman niya ay ganoon din ang naiisip ni Sela. Lihim na nilang iniibig ang isa't-isa.




Kinaumagahan, kinausap ni Lupito si Tata Ador. “Iniibig ko po ang anak ninyo at nais ko po sana siyang suyuin,” ang pagpapaalam ni Lupito.

Tinawag ni Tata Ador ang anak.

“Sela, nais kang suyuin ni Lupito.

Hahayaan kitang magpasya kung nais mo siyang suyuin ka,” ang sabi ni Tata Ador.

Ngumiti lang ng pagkatamis si Sela. Sa lahat ng mga nagnais makuha ang puso ng dalaga, tanging kay Lupito lang ngumiti si Sela. Para kay Tata Ador ito ay isa ng hudyat ng pagsang-ayon.






Hinarap ni Tata Ador si Lupito. “Bueno, binata. Bukas bago dumating ang pagtanghali ay bumalik ka rito. Bukod sa nakaugaliang pagsisilbi ng binata sa pamilya ng dalaga sa loob ng limang araw, may ilang mga pagsubok ang haharapin mo.”

Kinabukasan, hindi pa tuluyang sumisikat ang araw ay dumating na si Lupito sa tahanan ni Sela. Maayos naman siyang sinalubong ng mag-anak at pinag-almusal ng itlog, tinapay, at mainit na tsokolate. At nang mataas na ang araw, nagsimula ng manilbihan si Lupito.

Nagsibak siya ng kahoy para maipangkatong. Nag-igib din siya ng tubig sa balon para gamitin sa bahay at nag-igib din siya sa batis para naman sa pang-inom. Pinakain niya ang mga manok, pinaliguan ang mga kabayo, at ginatasan ang mga baka. Tinulungan din niya si Tata Ador sa pag-asikaso sa kanyang taniman. Pati na rin ang pagkumpuni sa bubungang nasira noong nakaraang bagyo ay kanyang ginawa.





Sa loob ng tatlong araw ay ito ang mga ginawa ni Lupito.

Ngunit sa tatlong araw na iyon ay walang pag-uusap na nangyari kay Lupito at Sela.

Ipinagbabawal ito ng kanilang tradisyon na panunuyo. Nakuntento na lang sila sa palitan ng matatamis na ngiti.

03



Dumating ang ika-apat na araw. Bukod sa pagsilbi, kinailangan nang patunayan ni Lupito na karapat-dapat siya para sa pinakamamahal na dalaga ng Barrio Sirkero. Kaila-ngang magpamalas siya ng talento sa pagiging sirkero.

Natigil ang gawain ng buong barangay para panoorin ang mga pagsubok. Ang unang pagsubok ay ang pagtawid sa daanang lubid na nakatali sa dalawang puno ng akasya. May dalawampung talampakan ang haba nito. Sinimulan na niyang tumawid. Dahan-dahan siyang humakbang habang ginagawang pambalanse ang dalawang brasong nakataas.





Ilang minuto ang lumipas at narating din ni Lupito ang dulo ng lubid. Nagpalakpakan ang mga tao, manghang-mangha na nagawa ito ng isang hindi nila katulad.

Lingid sa kanila ay namangha din si Lupito sa nagawa. Hinanap niya ng tingin si Sela. At nang magtagpo ang kanilang mga mata, nagpalitan sila ng matatamis na ngiti.



Sandali munang nagpahinga si Lupito bago sinimulan ang mga sumunod na pagsubok. Nagpabaging-baging siya sa mga lubid na nakasabit sa mga puno. Pinalakad siya sa nagbabagang mga uling. Pinahuli sa kanya ang isang mabangis na kabayo. Nakipagbuno siya sa pinakamalalakas na kalalakihan ng baryo. Lahat ng ito ay naipanalo niya.

Hiyawan sa galak ang mga tao.

“Magaling ka Lupito! Nababagay ka sa Barrio Sirkero!”





Pero may pagdududa si Tata Ador. Pinatigil niya ang ingay ng mga ka-baryo at nagsalita.


“Magaling, Lupito. Napagwagian mo ang mga pagsubok. At dahil sa maggagabi na ay kailangan na natin lahat na magpahinga. Bukas ay itutuloy natin ang mga pagsubok.”




Pagkatapos ng hapunan ay lumabas ng bakuran si Tata Ador at tinawag niya si Sela. “Sela, alam kong tinutulungan mo si Lupito sa mga pagsubok niya. Ginamit mo ang kaalaman mo.”

Napayuko sa pagkahiya si Sela. “Patawarin mo ako, Tata. Pero nagawa ko lang naman po ang mga iyon dahil mahal ko po si Lupito”.

“Buena, dahil sa dama ko naman ang busilak na pagmamahal ninyo sa isa’t isa, gagawan ko ito ng paraan,” sagot ni Tata Ador sa anak. “Ngunit ipangako mo na hindi mo gagamitin muli ang kakayahan mo para tulungan si Lupito.”





Kinabukasan, isang importanteng panawagan ang ginawa ni Marcia, asawa ni Tata Ador.

“Mga ka-baryo. Malungkot kong ibinabalita na may sakit ang aking asawa, ang inyong Tata Ador. Sa kadahilanang ito ay hindi muna matutuloy ang mga pagsubok kay Lupito at ito ay gagawin matapos ang sampung paglubog ng araw. Si Lupito ay nakabalik na sa kanilang lugar. Sa kanyang pagbalik dito ay saka natin itutuloy ang mga pagsubok.”

Makalipas ang sampung araw ay dumating nga si Lupito, sakay ng isang magarang kabayo.

Napansin ng mga tao na may kakaiba sa itsura ni Lupito. Mas may tapang, mas may determinasyon, at mas may kumpiyansa sa sarili.





At sinimulan ang mga pagsubok. Laking-gulat ng mga tao nang malaman na kailangang ulitin ni Lupito ang lahat ng mga nagawa na niyang pagsubok.

Hindi nag-alinlangan si Lupito. Sa ikalawang pagkaka-taon ay tumawid sa lubid si Lupito. Muli rin siyang nagpa-baging-baging sa mga lubid na nakasabit sa mga puno. Naglakad ulit siya sa nagbabagang mga uling. Muli niyang hinuli ang mabangis na kabayo. Nakipagbuno ulit sa pinaka-malalakas na kalalakihan ng baryo.

At kagaya nang sa una, ang lahat ng ito ay napagwagian ni Lupito.

Dito pala binuhos ni Lupito ang nakalipas na sampung araw: ang magsanay at magpakahusay sa mga kakayahan ng isang sirker.

Hinarap ni Tata Ador ang mga tao para mag-anunsiyo. “At ngayon sisimulan na natin ang huling pagsubok. Ang pag-ju-juggler!”

Pumagitna si Lupito. Binigyan siya ng isang maliit na bola at sinimulan itong ihagis-hagis sa ere. Binato siya ni Tata Ador ng nakabilot na diyaryo. Nasalo ito ni Lupito at kasabay ng bola ay pinagpa-palit-palit sa mga kamay.

Sunod naman ay isang baston. Sinundan pa ito ng iba pang mga bagay. Buko, pamaypay, plato, sandok, pinya, alkansyang pigurin at kung anu-ano pa.

Lahat naman ito ay nasalo ni Lupito ngunit halata na sa kanyang mga mata ang kapaguran. Ngalay na rin ang kanyang mga braso.





Inilabas ni Tata Ador ang kanyang paboritong silya. Ang silyang ito ay simbolo rin ng pamumuno ng Tata. Tanging si Tata lamang ang may kakayahan na mag-juggle kasama ang silyang ito.

Ihinagis ni Tata Ador ang silya kay Lupito.



Nasalo naman ito ni Lupito. At kahit mabigat ay nagawa niyang isama ito sa iba pang mga bagay na kanyang inihahagis at pina-iikot-ikot sa kanyang mga kamay.

Nagbilang ng hanggang sampu ang mga tao. At pagdating ng bilang na sampu, limang lalaki ang agad na lumapit kay Lupito para saluhin ang silya. Ilan ding tao ang sumalo naman kay Lupito na hapung-hapo na. Natapos na ang pag-subok. Nagwagi si Lupito. At napagwagian din niya si Sela.



Sang-ayon sa tradisyon ay ikinasal din nang gabing iyon sina Lupito at Sela. Isang napakasayang piging ang naganap sa Barrio Sirkero. At sa gabi ring iyon ay naging isa nang ganap na sirkero si Lupito.





About ROWALD ALMAZAR

Rowald Almazar was born in Manila and grew up in Novaliches. He earned his degree in Accounting from the National College of Business and Arts, and currently works for a major Philippine newspaper.

He learned to read under the tutelage of his mother using Funny Komiks. From there he found a love for stories, as evidenced by the piles of novels, magazines, comic books and DVDs in their home. His fondness for reading encouraged him to try writing on his own.

Si Lupito at ang Barrio Sirkerero is his first book.

About JOSÉ SANTOS III

José Santos III took formal art studies at the University of the Philippines where he graduated with a Bachelor's degree. He eventually became a faculty member of the UP College of Fine Arts and taught for seven years. In 2000, he was bestowed the Thirteen Artists award by the Cultural Center of the Philippines. He has had numerous exhibits both here and abroad.

Santos comes from a family of visual artists, musicians and ballet dancers. He currently resides in Pasig where he lives with his artist-wife Pamela Yan-Santos and son Juno Santos.



ACKNOWLEDGEMENTS

Each year, when we conduct our annual Romeo Forbes Children's Storywriting Competition, we in CANVAS are inevitably filled with as much apprehension as anticipation, because we know that our success depends on people and circumstances over whom we have very little control.

We have no idea, for instance, what stories will be submitted. The path that writers' thoughts follow from the contest piece (shown below) can and inevitably veers in all sorts of directions – from the whimsical to the romantic to the humorous to the sentimental. Will we find the story that is not only extremely well written, but also tickles the imagination? Will the story fit the artist's style, or can the artist adjust and step out of his or her comfort zone?

Then too, the journey from words and artwork to actual publication is peppered with tasks and deadlines and other details – some critical, some mundane – but many of which are beyond our own influence and capability to address.

This project, in other words, demands that CANVAS take many leaps of faith – in our partners and supporters, in our selected artist, and in the Filipino writing community – precisely because we cannot do it on our own.

Yet, we continue to leap willingly because each year – despite the challenges and apprehensions - we have never been disappointed. This year has been no exception.

Therefore, we would again like to thank our institutional partners and supporters: The Panta Rhea Foundation, Northlight Studios, UST Publishing House and Artery Manila. We are also obliged to individual friends and supporters: Hans Schoepflin, Diana Cohn, Mike Cheung, Jessica Jalandoni-Robillos, Fernando Gonzalez, Lito Zulueta, Jack Wigley, Wendell Capili, Roselle and Yuri Allado, Ben Chan, Jeff Cheng, Ken Chua, Yorkie Gomez, Wilmer Hontiveros, Jerome Jimenez, Anson Lee, Bong Versoza, Christopher Yatco, Delan Robillos, Daniel Tayona and Ninoy Leyran.

And finally of course, we must recognize Rowald Almazar and Jose Santos III, whose imagination and creative writing, and signature artworks have brought *Si Lupito at ang Barrio Sirkerero* to life. Together, their works comprise the heart and soul of this book.

They, together with all our other partners and supporters, make it possible for us to continue what is now a proud annual tradition - a unique children's book that readers will enjoy and that can serve as a testament to the high level of literary and artistic talent that continues to flourish among Filipinos today.

GIGO ALAMPAY
Executive Director, CANVAS
July 8, 2008

